

Talahuluganan (Glossary) ng NDIS

Madaling basahin

NDIS Glossary
Tagalog / Filipino

[ndis.gov.au](https://www.ndis.gov.au)



Inihatid ng
National Disability
Insurance Agency

Listahan ng mga Salita sa NDIS

Ang dokumentong ito ay nagpapaliwanag ng mga salitang ginagamit sa NDIS



Pormularyo sa Paghiling ng Access

Ang pormularyong sasagutan mo na ginagamit ng NDIA sa pagpapasya kung ikaw ay tatanggap ng package ng NDIS (NDIS package).

Mga rekisitos sa pag-access

Para makakuha ng NDIS, ikaw ay dapat na

- may kapansanang hindi gumagaling
- mas mababa sa 65 taong gulang
- naninirahan sa Australya
- isang Mamamayan ng Australya o may hawak ng isang natatanging papel na nagsasaad na maaari kang tumira sa Australya.



Tagapag-alaga

Isang taong nag-aalaga ng isang may-kapansanan.

Ang tagapag-alaga ay hindi binabayaran at kadalasang isang kapamilya.





Pagpipilian at kontrol

Sa NDIS, mapipili mo kung ano ang mahalaga sa iyo.

Sa NDIS, mapipili mo kung anong suporta ang makukuha mo at kung sino ang susuporta sa iyo.



Pakikibahagi sa komunidad

Mga paraan kung paano nakikibahagi ang mga tao sa kanilang komunidad.



Mga serbisyo sa komunidad

Mga gawain at mga serbisyo na maaaring gamitin ninyo.

Simbahan, mga samahang pang-isport (sport clubs), silid-aklatan, mga grupo.



Kapansanan

Isang kapansanan na hindi gumagaling

- kapansanan sa pandamdang tulad ng pagiging bingi
- pisikal na kapansanan
- kapansanang pangkarunungan
- kapansanang psychosocial mula sa isang suliranin sa kalusugan ng pag-iisip.



Maagang Pamamagitan sa Unang Bahagi ng Pagkabata - ECEI (Early Childhood Early Intervention)

Pagbibigay ng tulong sa mga batang may kapansanan habang sila ay maliit pa upang mapabuti ang kanilang buhay sa kalaunan.



Pagiging karapat-dapat


Nangangahulugan na natugunan mo ang mga patakaran sa kung sino ang maaaring makakuha ng package ng NDIS.

Ginagamit ng NDIS ang **Access Request Form** upang magpasya kung ikaw ay makakakuha ng NDIS.



Pormal na mga suporta

Suportang babayaran mo mula sa iyong package ng NDIS.



Paglalatag ng buong iskema

Kailan makakakuha ng NDIS ang lahat ng mga karapat-dapat.



Pinondohang mga suporta

Suportang binabayaran ng NDIS.

Suportang tumutulong sa iyong gampanan ang pang-araw-araw na gawain at matupad ang iyong mga layunin.



Mga layunin

Mga bagay na nais mong gawin sa hinaharap na tutulong sa iyong magkaroon ng mabuting buhay.



Guardian

Isang taong pinahihintulutan ng batas na magpasya para sa isang may-kapansanan.



Di-pormal na mga suporta

Suporta mula sa mga tao sa iyong buhay tulad ng pamilya at kapitbahay.



Paraan ng Paniniguro

Sinusuportahan ng NDIS ang mga tao hangga't maaga upang mapagbuti ang buhay sa kalaunan.



Mga prinsipyo ng Paniniguro

Bawat Australyano na ipinanganak na may kapansanan o nagkaroon ng kapansanan ay makakakuha ng suportang kailangan nila.



Naranasan sa buhay na may kapansanan

Ang iyong karanasan sa buhay na may kapansanan.



Mga Local Area Coordinator (LAC)

Ang taong tumutulong sa iyong sulatin ang iyong plano at kumuha ng package ng NDIS.

Matutulungan ka nilang pamahalaan ang iyong plano at kumuha ng mga suporta at mga serbisyo.



Mga serbisyong pangkalahatan (mainstream)

Mga serbisyong ginagamit ng lahat.

Gaya ng mga serbisyo sa kalusugan, edukasyon, pabahay at pagtatrabaho.



Merkado

Ang mga taong nagpapatakbo ng mga serbisyo o mayroong mga bagay na ipagbibili sa mga tao na may package ng NDIS.



Pangkat na may iba't-ibang disiplina

Isang pangkat ng mga taong may iba't ibang kasanayan na nagtutulungan upang suportahan ang isang taong nasa NDIS.



NDIA

National Disability Insurance Agency

Ang mga tao sa pamahalaan na nagpapatakbo ng NDIS.



NDIS

National Disability Insurance Scheme.

Isang bagong pamamaraan ng pagsuporta sa mga may kapansanan at kanilang mga pamilya.



Hinirang

Isang taong maaaring gumawa ng mga desisyon para sa taong nangangailangan ng tulong sa pagpapasya ngunit walang magulang o guardian.



Kalahok

Isang taong may kapansanan na tumatanggap ng NDIS.

Name
Address
Phone Number
Email Address

Pahayag ng Kalahok

Impormasyon tungkol sa taong nasa NDIS

- saan sila nakatira at sino ang kasama sa tirahan
- mga kaibigan at pamilya
- mga suportang tinatanggap nila
- ano ang kanilang ginagawa sa bawat araw
- mga layunin nila.

Taong may kapansanan

Isang taong nangangailangan ng tulong upang

gawin ang mga bagay tulad ng

- pagbibihis
- pagpunta sa mga lugar
- pag-unawa sa mga bagay-bagay
- pakikipagkaibigan
- pagkuha ng trabaho.





Plano

Lahat ng nasa NDIS ay may isa.

Gagawa ang iyong tagaplano ng listahan ng mga bagay na kailangan mo upang matupad ang iyong mga layunin.

Nakasaad sa iyong plano kung magkano ang pera at suportang makukuha mo.



Pagiging Pribado

Nakasaad sa Pabatid ng Pribasya ng NDIA

(NDIA Privacy Notice)

- kung anong impormasyon ang kailangan ng NDIA upang malaman ang tungkol sa iyo
- ang mga taong mahihingan ng impormasyon ng NDIA tungkol sa iyo
- kung bakit kailangan ng NDIA ang impormasyon
- kung ano ang ginagawa ng NDIS sa impormasyon.



Tagapagtaguyod

Ang taong nagpapatakbo ng serbisyo o may mga bagay na ipagbibili sa mga taong kumukuha ng package ng NDIS.

Makakapili ang mga tao ng tagapagtaguyod na gusto nilang gamitin at maaring palitan ang tagapagtaguyod kung hindi sila nasisiyahan dito.

Ang NDIS ay may listahan ng mga Rehistradong tagapagtaguyod.



Psychosocial na kapansanan

Kapag ang mga suliranin sa kalusugan ng pag-iisip ng isang tao ay nagiging dahilan ng kapansanan.

Ang mga taong ito ay maaaring makakuha ng NDIS.



Makatwiran at kinakailangan

Ang 'makatwiran' ay nangangahulugan na ito ay makatarungan.

Ang 'kinakailangan' ay nangangahulugan na talagang kailangan mo ito.

Ang NDIS ay magbibigay ng pera para sa mga bagay na makatarungan at talagang kailangan mo upang magkaroon ng mabuting pamumuhay.



Sektor

Ang mga negosyo at mga organisasyon na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga taong may kapansanan.

Mga grupo ng tao na nagsasalita para sa mga may kapansanan.



Sariling-pamamahala (pagpopondo)

Kapag ang tao mismo ang nagbabayad sa mga tagapagtaguyod (providers) gamit ang kaniyang pera sa NDIS.

Ang isang tao ay maaaring mamahala ng lahat ng kaniyang pera sa NDIS o bahagi lamang nito.



Sariling-pamamahala

Gaano karaming tulong ang kailangan ng isang tao upang

- gawin ang pang-araw-araw na mga bagay
- gumawa ng mga pagpapasya
- bantayan ang sarili nilang pera
- malaman ang gagawin kung mayroon silang problema.



Service agreement

Isang dokumento na nagpapaliwanag kung anong mga suporta ang ibibigay ng tagapagtaguyod sa iyo at kung paano mo sila babayaran.



Suplayer

Ang taong nagbebenta ng mga kagamitan upang tulungan ang isang may kapansanan.



Mga suporta

Ang mga bagay na tumutulong sa isang may kapansanan na magampanan ang kaniyang pang-araw-araw na mga gawain upang maging bahagi ng komunidad at matupad ang kaniyang mga layunin.



Manggagawa

Ang mga taong nakikipagtulungan sa mga may kapansanan.